



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-6 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG
DAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 20 PEBRERO 2012
GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Arnel F. Fabon
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Lee M. Baculinao
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Camilo G. Ferreira - Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Mary Jenny Leigh Q. Sarmiento - Pangulo, Pambayang
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Absent: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 010
Taong 2012

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO, G. EDWIN M. INSIGNE.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang ama ng tahanan ay labis na
ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKAT, si G. Edwin M. Insigne ay naging kawani ng pamahalaang bayan
bilang Market Guard simula Marso 1, 1988 hanggang 1993 at simula
Enero 1, 1994 hanggang sa kanyang pagpanaw noong Pebrero 19,
2012 bilang Market Supervisor;

SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang paglilingkod bilang kawani ay nagpamalas
siya ng pagtitiyaga at pagsisikap sa pagtupad sa tungkulin at
responsibilidad sa pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito sampu ng mga namumuno at mga
kawani ng pamahalaang bayan ay lubos na nakikiramay at
nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasama sa gawain.


DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahit ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong kawani ng pamahalaang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, G. Edwin M. Insigne ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang asawa at mga anak ni G. Edwin M. Insigne lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat: 20 Pebrero 2012

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sanggunian

PINAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

mer21022012